PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 44 DECEMBER 27 - JANUARY 2, 2022 10.00

# KAUNA-UNAHANG FABRICATION LAB SA CAVITE, INILUNSAD NG DTI

**Inilunsad ng Department of Trade and Industry (DTI) Cavite ang kauna-unahang Fabrication Laboratory (Fab Lab) sa lalawigan sa ilalim ng Shared Service Facilities (SSF) Program**

Upang patuloy na mapabuti ang competitiveness ng micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa Cavite at sa buong CALABARZON region, nakipagtulungan ang Department of Trade and Industry at De La Salle University – Dasmariñas (DLSU-D) para sa pagtatayo ng Innovation Laboratory (InnoLab), isang P24M Fabrication Laboratory na pinondohan sa ilalim ng Shared Service Facility (SSF) Program ng DTI.

DEPARTMENT OF TRADE & INDUSTRY PHILIPPINES



Sa pangunguna nina RD Marilou Q. Toledo, ARD Marissa C. Argente and Provincial Directors of DTI R4A, Br. Augustine Boquer at Br. Francisco De La Rosa ng DLSU-D, VM Rex R. Mangubat ng Lungsod ng Dasmariñas, at Atty. Khervy B. Reyes ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, isang soft launching ceremony ang ginanap noong ika-21 ng Disyembre 2021 sa College of Engineering, Architecture, and Technology Center of Innovation (CCOI), New CEAT Bldg. ng DLSU-D kung saan matatagpuan ang InnoLab.

Ang Innolab ay ang ika-29 na programa ng SSF na inilunsad ng DTI-Cavite at itinuturing na pinaka-advanced na proyekto nito.

Source: DTI Cavite

# SILANG ENFORCER NA NANGOTONG, SIBAK SA PWESTO



Kaagad na inalis sa pwesto ang isang Silang Traffic Management Office (STMO) Enforcer matapos na makuhanan ng video sa aktong pangongotong.

Sa isang Facebook post, kinondena ni Silang Mayor Poblete ang ginawa ng nasabing enforcer.

Aniya, "Kinukendena po natin ang ganitong mga gawain ng ating mga kawani at empleyado dahil sa maling mga gawa nito. Nalulungkot po tayo dahil magpapasko pa naman ay nagkaroon ng ganitong insidente sa ating bayan. Subalit sa kabila nito, hindi ko ho kinukunsinte ang ganitong mga gawa."

Hinikayat rin ng alkalde ang iba pa na magsumbong sa kanyang tanggapan kapag may insidente ng pangongotong na maaktuhan.

"Ang aking panawagan sa lahat ng mga Silangueño na tulungan nyo po ako kung may maaaktuhan po tayong mga ganitong insidente ay ipagbigay alam sa akin mismo," ani Poblete.

"Sa ganitong mga pangyayari, lagi nyo po akong kakampi. Sa maling mga gawa at hindi tamang aksyon ng sinuman na tao natin, ako po ang papagitna. Nawa ay maging aral ito sa bawat empleyado natin sa munisipyo na ang pagseserbisyo sa bayan ay tawag ng tungkulin sa atin na kailan man, dapat nating gampanan ng maayos at may pagmamahal sa lahat," dagdag pa niya.

Source/Photo: Corie Poblete

# GROUND BREAKING CEREMONY SA KAUNA-UNAHANG DIALYSIS CENTER NG ALFONSO, ISINAGAWA




Masayang ibinahagi ni Alfonso Mayor Salamat ang isinagawang Ground Breaking Ceremony para sa kauna-unahang dialysis center sa kanilang bayan nitong Biyernes, Disyembre 17.

"Ang panalangin natin ay wag na sana itong magamit ng madami sa atin, ibig ko pong sabihin ay di ma sana madagdagan ang bilang na dapat i-dialysis. Mabuti nang may nakahanda nang pasilidad para sa nangangailangan na, pero sana po ay di na madagdagan pa," saad ni Alfonso sa kaniyang post.

Dagdag niya, pampublikong ospital naman ang susunod na target ng kanilang lokal na pamahalaan para sa mga mamamayan ng Alfonso.

Source/Photo: Randy Salamat (FB)




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Check-up Sa Babae

**DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong - Pilipino Star Ngayon**

Medyo kakaiba ang sakit ng babae kumpara sa lalaki. Kung ikaw ay edad 40 pataas, kailangan mo ng check-up. Kung may lahi ka ng sakit sa puso, diabetes o kanser, magpa-check up din. Heto ang aming mga payo:

1. Bantayan ang Suso – Ayon sa American Cancer Society, lahat ng mga babae ay kailangan mag-examine ng kanilang suso mula edad 20 pataas. Kapag 35 ka na, magpa-mammogram o ultrasound ng suso bawat 2 taon.

2. Magpatingin sa OB-gynecologist – Sa mga may asawa o nagtatalik na, kailangan mag-pa-Pap's smear test at magpa-examine ng puwerta (pelvic exam) sa inyong OB-gyne. Binabantayan ng doktor ang kanser sa matres at impeksyon sa puwerta.

3. Magpa-blood test bawat taon – Heto ang mga tests na dapat gawin. Complete blood count (para malaman ang dami ng dugo), creatinine (para sa kidneys), uric acid (para sa arthritis), cholesterol (para sa puso), fasting blood sugar (para sa diabetes), at SGPT (para sa atay).

4. Urinalysis – Para masuri kung may impeksyon sa ihi.

5. Chest X-ray - Para makita ang baga at puso.

6. Ihinto ang paninigarilyo – Maraming kababaihan na ang naninigarilyo. Ang sigarilyo ay nagdudulot ng kanser sa bibig, lalamunan, baga at bituka. Ihinto ito.

7. Limitahan ang pag-inom ng alak – Mas masama ang alak sa babae kaysa sa lalaki. Ito'y dahil mas nasisira ang atay at utak ng mga babae. Huwag makipagsabayan ng inom sa mga lalaki.

8. Huwag magpataba – Ayon sa pagsusuri, may 40% na kababaihan ang lampas sa tamang timbang. Magbawas sa kinakain at mag-ehersisyo.

9. Alamin ang BP –Ang normal na blood pressure ay 120 over 80. Kapag lumampas ka sa 140 over 90, ang ibig sabihin ay may altapresyon ka na. Magpatingin sa doktor.

10. Magpabakuna – Para sa edad 50 pataas, kailangan mo magpabakuna laban sa Pulmonya at Trangkaso. Ang tawag dito ay pneumonia vaccine at flu vaccine.

11. Uminom ng Calcium tablets – Pagkatapos ng menopause (mga edad 50), kailangan ng mga kababaihan na uminom ng calcium tablets. Osteoporosis (marupok na buto) ang pangkaraniwang sakit ng mga babae. Ang calcium ay pampalakas ng buto. Kaya habang bata pa, maganda rin na uminom ng gatas, tulad ng skim milk, para tumibay ang buto.

Kakaiba ang pangangailan ng babae kumpara sa lalaki. Alamin ang sariling katawan at maging marunong sa iyong kalusugan. Magpa-check up

# EDITORIAL

## Hindi pa dapat magrelaks

Ayon sa pag-aaral ng Imperial College London, mas mataas ang reinfection at limang beses daw na mas mabagsik ang Omicron kaysa Delta va-riant. Pinagbabasehan din ng pag-aaral ang pagdami ng kaso sa London na naging dahilan para maghigpit muli roon. Ayon pa sa pag-aaral, hindi dapat balewalain ang bangis ng Omicron.

Tatlo na ang na-detect na may Omicron sa Pili-pinas. Ang unang na-detect ay isang OFW na galing Japan at isang Nigerian national na galing Oman. Ang ikatlo ay isang seaman na nagdaan sa Mactan-Cebu airport. Pawang na-monitor na umano ang mga nakahalubilo ng dalawang naunang kaso at wala namang sintomas ng Omicron ang mga ito. Pati ang mga nakasakay ng mga ito sa eroplano ay pawang mga negatibo sa Omicron. Ang tatlong nagpositibo sa Omicron ay pawang unvaccinated.

Ayon sa Department of Health wala pa namang community transmission ng Omicron at hindi raw dapat mag-panic ang mamamayan. Ayon naman kay Infectious diseases specialist Dr. Rontgene Solante, nananatiling mababa ang COVID cases sa bansa kaya walang dapat ipangamba sa pagkalat ng bagong variant. Maganda naman umano ang ginagawa ng pamahalaan kaya hindi nakikitaan ng pagkalat sa komunidad ang Omicron.

Sana nga ay hindi na magkaroon ng surge ang Omicron at magpatuloy pa ang pagbaba ng ara-wang kaso ng COVID. Noong Martes, naitala ang pinakamababang kaso ng COVID – 168. Ito na ang pinakamababa mula nang manalasa ang virus noong nakaraang taon.

Sana rin naman kahit patuloy sa pagbaba ang kaso ay hindi naman magrelaks ang lahat. Dito sa Pilipinas, kapuna-puna na nang bumaba ang ara-wang kaso ng COVID ay tila relaks na ang lahat. Huwag sanang kalimutan ang health protocols. Mula nang magluwag ang restrictions, marami na ang balik sa pakikihalubilo na walang face mask. Marami na ang mga bata sa kalye na parang wala nang virus. Marami nang nag-iinuman na iisa ang basong ginagamit.

Dapat tandaan na narito pa ang virus kaya hindi dapat magkampante. Ipagpatuloy ang pag-iingat lalo at may tatlong kaso ng Omicron. Hindi pa dapat- magrelaks sa panahong ito.

# BFAR kicks off relief efforts in areas isolated by 'Odette'

"The DA-BFAR will go all-out in our relief assistance to coastal communities affected by Super Typhoon Odette. More floating assets will be deployed in the coming days, including M/V DA-BFAR to carry more relief goods and boat repair materials," Department of Agriculture (DA) -BFAR national director Eduardo Gongona said.

In an email, the agency said that during the first leg of a series of relief operations, DA-BFAR's BRP Lapulapu would sail to the Caraga region and then to Eastern Visayas to deliver hundreds of sacks of rice, canned and dried goods, and hygiene kits from DA-BFAR's regional offices in Central Luzon and Cagayan Valley.

Aside from relief activities, it has begun rolling out recovery efforts to help Filipino fisherfolk get back to their livelihoods at the soonest possible time, he added.

An initial hundred units of marine engines and boat construction materials for washed out and damaged boats were also loaded on the BRP Lapulapu.

The DA-BFAR allocated separate supplies for the construction of 5,000 units of wooden and fiberglass reinforced plastic (FRP) boats for the two regions.

As of 12 noon on Thursday, the DA said damage and losses have been reported in the regions of Calabarzon, Mimaropa, Bicol, Western Visayas, Central Visayas, Eastern Visayas, Zamboanga Peninsula, Northern Mindanao, Davao, and Caraga amounting to PHP3.1 billion and affecting 39,372 farmers and fishers.

The volume of production loss was put at 90,316 metric tons and 65,432 hectares of agricultural areas.

However, the DA also cited that a total area of 11,454 hectares of rice have been harvested before the weather interruption from Mimaropa, Western Visayas, Eastern Visayas, Zamboanga Peninsula, Davao region, and Caraga, with an equivalent production of 34,433 metric tons amounting to PHP615.53 million.

As for corn, a total of 2,452 hectares have been harvested from Mimaropa, Calabarzon, Eastern Visayas, Zamboanga Peninsula, Davao region, and Caraga, with an equivalent production of 6,965 metric tons amounting to PHP82.55 million. (PNA)

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

MINI STOP

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher
**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager
**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**DASMARIÑAS CITY, CAVITE**

**PHILIPPINE BANK OF COMMUNICATIONS,**
Petitioner/ Mortgagee,

-versus-
**IMEE CALLORA MANOS,**
Respondent/Mortgagor.

**File No. FC-DC-0256-21**
EXTRA JUDICIAL FORCLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118
x---------------------------------------------x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act. 4118, filed by the petitioner/mortgagee, **PHILIPPINE BANK OF COMMUNICATIONS,** with postal address at PBCOM Tower, 6795 Ayala Avenue corner V.A. Rufino Street, Makati City against the respondent/mortgagor, **IMEE CALLORA MANOS,** with postal address at Lot 1 Blk. 6, Unit 177 The Orchard Townhouse Villas Salitran, Dasmarinas City, Cavite and B6 L177 Macopa Court Orchard Golf Subd., Dasmarinas City, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 15 November 2021 amounts to **FIVE MILLION TWENTY FOUR THOUSAND FOUR HUNDRED THIRTY FIVE PESOS & 95/100 (Php5,024,435.95),** exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **January 27, 2022** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Buildig, Congresional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 057-2017035842**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BRGY. OF SALITRAN, MUN. OF DASMARINAS, PROV. OF CAVITE, bounded and described as follows:

A PARCEL OF LAND (LOT 1, BLK. 6 OF THE CONS. & SUBD. PLAN PCS-04-009-899, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 5847-B-1, LOT 5847-B-4 & LOT 5847-B-5 (LRC) PSD-315404, L.R.C. REC. NO. ), SITUATED IN THE BRGY. OF SALITRAN, MUN. OF DASMARINAS, PROV. OF CAVITE. BOUNDED ON THE SW., ALONG LINE 1-2 BY LOT 3, BLK. 6; O THE NW., ALONG LINES 2-3-4 BY RD. LOT 7; ON THE NE., ALONG LINE 4-5 BY RD. LOT 2; ON THE SE., ALONG LINE 5-1 BY LOT 2, BLK. 6, ALL OF THE CONS. SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN BEING N. 77 DEG. 38'E., 2065.24 M. FROM MON. NO. 138, IMUS ESTATE; THENCE N. 82 DEG. 47'W., 13.00 M. TO PT. 2; THENCE N. 7 DEG. 13'E., 7.17 M. TO PT. 3; THENCE N. 52 DEG. 18'E., 4.01 M. TO PT. 4; THENCE S. 82 DEG. 47'E., 10.17 M. TO PT. 5; THENCE S. 7 DEG. 13'W., 10.00 M. TO THE PT. OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF **ONE HUNDRED TWENTY SIX (126) SQUARE METERS.** ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY P.S. CYL. CONC. MONS. 15X40 CMS. ; BEARINGS TRUE, DATE OF ORIGINAL SURVEY, JULY 27, 1905 - JUNE 11, 1908 AND THAT OF THE CONS. & SUBD. SURVEY, NOV. 8-29, 1994 AND WAS APPROVED ON JAN. 13, 1995.

is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of
Owner: IMEE C. MANOS, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZEN

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and encumbrances thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **February 3, 2022**, at the same time and place without further notice.

13 December 2021, Dasmariñas City, Province of Cavite.

**RODRIGO C. ESTOGERO, JR.**
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

PUBLICATION: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
DATES: **December 20, 27, 2021 & January 3, 2022**
Raffle Date of Judicial Notices: 09 December 2021

Copy Furnished:
**PHILIPPINE BANK OF COMMUNICATIONS**
PBCOM Tower, 6795 Ayala Avenue corner V.A. Rufino Street, Makati City.

**IMEE CALLORA MANOS**
Lot 1 Blk. 6, Unit 177 The Orchard Townhouse Villas Salitran, Dasmarinas City, Cavite and
B6 L177 Macopa Court Orchard Golf Subd.,
Dasmarinas City, Cavite.

Notice posted at:
1. The Bulletin Board of Regional Trial Court, Dasmarinas City, Cavite
2. The Bulletin Board of Dasmarinas City Hall
3. The Bulletin Board of Dasmarinas City Post Office
4. The Bulletin Board of Dasmarinas City Public Market






# ESTUDYANTE NG CVSU, NATIONAL STRUKTURA CHAMPION

Nakamit ng Cavite State University (CvSU) fifth year BS Architecture student na si Ezekiel Dela Cruz ang kampeonato para sa kauna-unahang Struktura Design Competition, ayon kay Dr. David Cero, CvSU Dean ng College of Engineering and Information Technology.

May temang "Affordable Housing for a Better Normal", ang nasabing kompetisyon ay itinaguyod ng SCG, isang nangungunang conglomerate sa Asean region na dalubhasa sa world-class construction materials, at



Mariwasa, isang pioneer sa industriya ng ceramic tile ng Pilipinas.

Nasungkit ni Dela Cruz ang unang puwesto mula sa 10 finalists dahil sa kanyang design entry na Bahay Combo, isang moniker na hango sa terminong Tagalog na 'Bahay Kubo', na nangangahulugang isang bahay na binubuo ng kumbinasyon ng konkreto at kawayan.

Ang kaniyang pangkalahatang disenyo ay mayroong modernong take mula sa tradisyunal na bahay kubo.



Let your sunshine bloom!

Sharing our newly discovered Sunflower Farm in Tagaytay that you should visit with your family and friends. ????

Make sure to take some snaps and enjoy their sunflower cupcakes!

--

RDs' Sunflower Farm Tagaytay City
?? Patutong Malaki North, Tagaytay City
? 7:00 AM to 6:00 PM
?? Entrance fee: P100 per head
? Kids 5 years old and below are FREE
?? The Queen's Escape

# CALAMITY-PROOF NA MGA BAHAY AT ISTRUKTURA, ALOK NG MGA ARKITEKTO SA MGA KOMUNIDAD NA SINALANTA NG BAGYO

Hinikayat ng Department of Science and Technology (DOST) at ng United Architects of the Philippines (UAP) ang mga lokal na pamahalaan na siguraduhing ang lahat ng istrukturang nakatayo sa bawat komunidad ay angkop at kayang matagalan ang anumang lagay ng panahon sa bansa.

Ayon sa ulat ng ABS-CBN, patuloy pa ring babayuhin ng malalakas na bagyo ang Plipinas dahil na rin sa epekto ng climate change at global warming.

"Base sa datos ng PAGASA ang projection ay iinit ang ating temperatura sa buong mundo at dito sa Pilipinas," ani DOST Usec. Renato Solidum.

"Ang mga bagyo ay hindi dadami, base sa mga model pero ang intensity ng mga bagyo- yung lakas ng hangin ay mas tataas pa," dagdag pa niya.

Sinabi rin ni Solidum na posibleng isa sa mga dahilan ng kalunos lunos na pagkawasak ng mga istruktura at kabahayan sa ating bansa tuwing tatama ang kalamidad tulad ng bagyo ay ang hindi pagsunod sa mga probisyon ng National Structural Code of the Philippines para sa mga bahay at gusali.

"Yung na record ng PAGASA yung malakas na hangin - 195 kph at pagbugso o gustiness ay 240 kph. Itong range ng mga hangin na ito ay na-consider din ng ating National Structural Code of the Philippines. So kung ang mga disenyo at aktuwal na construction ng mga building ay hindi angkop sa nangyari at sa structural code, ay talang posibleng masira," saad pa ni Solidum.

Ayon naman sa United Architects of the Philippines (UAP), isa pa umanong dahilan ng matinding pagkasira ng mga gusali at kabahayan ay ang kakulangan sa sapat na kaalaman.

"We have not really totally adopted, our communities have not really fully inculturated with resiliency, plus the conditions are getting harsh. There is climate change, and this is what we are not experiencing before," ani Arch. Jose Miranda of UAP Emergency Architects Committee.

"Itong Typhoon Odette, dumaan siya sa mga lugar na di masyadong tinatamaan ng typhoon like Palawan… Di sila handa kasi wala silang experience," dagdag pa ni Miranda.

Ayon naman kay UAP Special Council on Climate Change Arch. Lui Daya-Garcia, "Nagiging reactive lang tayo. Samantala kung maliit palang tayong mga bata, at tinuruan na tayo how are we going to handle these things,then we could probably be more prepared."

Kaugnay nito, nag-alok ng tulong ang UAP sa mga apektadong LGUs upang muling makabangon mula sa kalamidad.

"Mayroon tayong kulang kulang na 200 chapters na minobilize natin nationwide and all over the world para tumulong, all the LGUs have to do is to tap the chapters…we are very much willing to help," ani Daya-Garcia.



"Palakas nang palakas ang bagyo na dumadating, green and sustainable design should not be option anymore," dagdag pa nito.

Naniniwala umano silang sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga propesyunal sa konstruksyon tulad ng mga inhinyero, at arkitekto at kaunting puhunan, maaari na umanong makapagpatayo ng mga calamity-proof na kabahayan at gusali.

Mas magastos umano ang mag repair kaysa ang magpatayo ng calamity-proof na istruktura. Kailangan lamang umano ng sapat na kaalaman at mga kagamitan upang maisakatuparan ito.

"Before we even build our evacuation center and municipal halls, importante we get the professionals' help. Let's take advantage of our technology, ang dami nating simulations." muling pahayag ni Daya-Garcia.

Source: ABS-CBN







PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

VOL. 20 NO. 44 DECEMBER 27 - JANUARY 2, 2022 10.00


# MORE THAN 3.3M PEOPLE DIED FROM COVID-19 IN 2021: WHO

More than 3.3 million people have lost their lives to Covid-19 this year – more deaths than from HIV (human immunodeficiency virus), malaria, and tuberculosis combined in 2020, the head of the World Health Organization (WHO) said Monday.

WHO Director-General Tedros Ghebreyesus said the novel coronavirus continues to claim around 50,000 lives worldwide every week, but he told journalists that "2022 should be the year we end the pandemic" with the tools the world has at its disposal.

Tedros was speaking at the first hybrid press conference held by the WHO for journalists from the United Nations in Geneva and the first such meeting since July 2020 that Anadolu Agency facilitated.

"The last time we hosted you, in July last year, none of us could have imagined that almost 18 months later, we would still be in the grip of the pandemic," said the WHO chief of a meeting for journalists with the ACANU association of UN correspondents.

Tedros also spoke about the latest variant of Covid-19 that has hit the world, saying "there is now consistent evidence that omicron is spreading significantly faster than the delta variant."

There are also the unreported deaths and the millions of excess deaths caused by disruptions to essential health services, he said.

Just one month ago, he explained that Africa was reporting its lowest number of cases in 18 months.


"Last week, it reported the fourth-highest number of cases in a single week so far. Africa is now facing a steep wave of infections, driven largely by the omicron variant," said Tedros.

The WHO chief also noted that people who have been vaccinated or recovered from Covid-19 are more likely to become infected or reinfected from the omicron variant.

"All of us are sick of this pandemic. All of us want to spend time with friends and family. All of us want to get back to normal," he said.

Tedros cautioned that many countries traditionally plan gatherings that can draw crowds over the Christmas and New Year's holidays and suggested they should reconsider events.

"Countries should be more careful and restrict mass crowds during this festival period. Postponing such organizations during this period will save more lives," he added.



As of Dec. 20, there have been 273,900,334 confirmed cases of Covid-19, including 5,351,812 deaths, reported to WHO.

Source: Anadolu (via Philippine News Agency)